# Troya

*Joselito D. delos Reyes*

Sa gitna ng kalamidad, maraming dapat unahin ang chief executive ng isang first-class city na laging binabaha: asikasuhin ang evacuation ng mga tao lalo na kapag nagpawala ng tubig na kulay tsokolate't may tangay pang retaso ng troso ang Angat Dam; alamin kung may sapat na supply ng bigas, instant noodles, asukal, sardinas, kape, at bottled water para sa mga apektadong residente; makipag-ugnayan sa National Disaster Coordinating Council para sa mga tulong at ayudang bigas, instant noodles, asukal, sardinas, kape at bottled water galing sa national government; itulak ang pagpasa sa resolusyon na nagdedeklarang nasa State of Calamity ang kaniyang nasasakupan kasama na ang paggasta—nang hindi dumadaan sa bidding—ng calamity fund para sa mga nasalanta at masasalanta; ayusin ang pagdi-dispatch sa mga amphibious rescue vehicle na pahiram ng AFP at six by six truck ng city hall na paroo't parito sa mga apektadong barangay; sumagot sa mga interview sa radyo at telebisyon, manawagan ng tulong sa kapuso't kapamilya ng sansinukob; magpabaha ng maraming press release na nagsasabing "the situation is manageable, Valenzuela under flood" sa lahat ng diyaryo, hao siao man o hindi; alamin sa PAGASA kung may papadaluyong pang bagyo—na Lupita ang susunod na ngalan—at delubyong makapagpapasidhi sa baha, kung kailan ito tatama, kung iiwas o lulusob, kung ang tinamaan ng lintik na bagyo ay sadyang tumatarget sa kaniyang abang nasasakupan; tawagan nang nagmumura at tanungin nang nagmumura ang Meralco kung kailan mawawalan at magkakaroon ng buwakananginang koryente, mag-"thank you for your prompt response and cooperation" pagkatapos. Ligirin ang nasasakupan kasama ang camera crew ng mga network habang ipinaliliwanag na force majeure ang lahat ng nangyayaring baha at delubyo sa lungsod na iyon sa puwit ng Metro Manila, at sabihin—mariin at nanginginig—"handa kami sa lahat ng uri ng disaster!" habang binabayo ng ulan sa ibabaw ng pump boat na bumabaybay sa kalsadang nagpapanggap na ilog, at palakasin ang loob ng mga kababayan at sigawan sila: "kayang-kaya natin 'to, mga

kababayan!"; ipahukay, katulong ang MMDA, ang bumababaw at kumikitid na Meycauayan River at Tullahan River upang maayos na dausdusan ng tubig-ulan na manggagaling sa panot na kabundukan ng Bulacan at Rizal; dumalaw sa mga evacuation center at magsama ng mga doktor at nars na titingin sa mga batang magkakalagnat at magkakaalipunga, at siguraduhing may sapat na supply ng paracetamol, cough syrup, mefenamic acid, at antibiotic na malalaklak ng mga taong nangangaligkig sa ginaw; magsama ng mga photographer para sa isang dramatic photo-op na astang kumakalinga sa mga nilalagnat, inuubo, inaalipunga; ipaliwanag sa pangulo ng bansa na "everything is under my control, the flood will surely subside, Ma'am." At "everything will be all right as soon as the weather clears, Ma'am." upang hindi mabulyawan sa harap ng media gaya ng ginawa ng Pangulo sa isang gobernador noong huling manalasa ang bagyo—na nagkataong Gloria ang ibininyag ng PAGASA—sa lalawigan mismo ng high school level na gobernador sa Luzon na hindi alam ang pagkakaiba ng resolusyon sa ordinansa at Local Government Code sa Local School Board.

Hindi dapat magutom, magkasakit, malungkot ang mga tao sa evacuation center. Walang dapat mamatay. Punyemas! Lahat ng gagawin ng meyor sa kuwarenta y otso oras ay para sa tao! Simberguwensa! At walang panahon ang isang pinagpipitaganang meyor sa panahon ng baha at delubyo para sa isang kabayong maaagnas! Punyeta!

Ibig sabihin, hindi matutulungan ni meyor si Kapitan Timmy Estrella sa suliranin nito: kung paano ididispatsa ang isang patay at malapit nang mamaga't mangamoy na malaking kabayong nakasalalak sa makitid na ilog ng malurido sa bahang barangay ng Coloong. Walang ipahihiram na crane na babaybay sa ilog ng Meycauayan para dumukot sa malaking kabayo. Walang pulis dahil naka-dispatch lahat kasama ng mga amphibious vehicle na hiniram sa Camp Magsaysay at Camp Capinpin. Walang rescue team dahil maraming taong nire-rescue sa buong lungsod. Walang panahon para sa kabayo ang lahat ng may kukote sa loob at labas ng city hall.

"Unahin ang tao, Kap. Hindi ang kabayo," tagubilin pa ni meyor sa kaniya sabay tapik sa basang balikat niya bago siya lumabas ng opisinang parang binabahang ilog sa dami ng umaagos na empleadong, gaya ni meyor ay litong-lito sa ginagawa. Naging isang malaking pabrika ng relief goods ang lobby ng city hall. Nakita niya si ex-Kapitan Trebor, ang tinalo niya sa eleksiyon at kanang kamay ni meyor, na nagmamando sa mga tagasupot ng relief goods. Kinindatan siya ni ex-Kapitan Trebor, ngumisi. Nabantad ang lahat ng nikotinadong ngipin.

"'Musta ang Coloong, Kap? Sagwa ng unang araw mo sa pagiging kap, he he," bati pa ni ex-kapitan. Unang araw ng panunungkulan ni Kapitan Timoteo Estrella o Kapitan Timmy. Hindi gaya ng ibang eleksiyon sa barangay na buwan ng Mayo o Oktubre, Hulyo ginawa ang halalan noong 2002. Unang araw ng Agosto ang pagbasal sa bago niyang opisina sa barangay hall. Hindi lang basta nabasbasan sa unang araw ng panunungkulan si Kapitan Timmy, binaha, binagyo, dinaluyong siya ng hindi benditadong tubig mula sa kaitaasan.

Sinundan ni ex-kapitan si Kapitan Timmy palabas ng city hall. Tinabihan ni ex-kapitan si Kapitan Timmy habang kini-kickstart ang motorsiklo niyang Kawasaki Barako 175cc na nalunod habang sinasagasa ang lampas-tuhod na baha patungo sa city hall. Tunog ng hinihika ang tadyak niya sa Barako. Nabasa at nalamigan ang spark plug. Tubig ang isinusuka ng tambutso. Pumugak-pugak ang makina.

"Kabayo lang 'yan, Kapitan. Kayang-kaya mo 'yan, he he," nagsindi ng sigarilyo ang bigotilyong ex-kapitang kumakawala ang tiyan sa kamisetang kulay pulang may mukha ni meyor.

Dapat nakakatawa ang mga huling salitang binitiwan ni ex-Kapitan Trebor sa miting de avance ng eleksiyon para sa kapitan. Ang mga pamatay na salitang iyon ang ipinayo sa kaniya ng campaign manager niyang kagawad ngayon ng barangay, ang pamatay na mga salitang iyon ang magdadala sa kaniya sa tagumpay, ang maghahatid ng kaniyang ikalawang reeleksiyon. "Kung gusto ninyo ng kapitang malamya at lampa, iboto ninyo ang kalaban ko! Iboto ninyo si Kapitana!" Walang natawa sa nakikinig ng miting de avance.

Nanalo si Kapitan Timmy. Landslide.

"Kakayanin ko 'to. Wala e, gusto ng mga taga-Coloong ng lampa," parunggit ni Kapitan Timmy habang humahagok-pumapalahaw ang makina ng Barakong nirebo-rebolusyon. Sumuka ng tubig at puting usok ang tambutso ng Barako. Pinasibad pabalik sa Coloong, ang barangay na unti-unti nang nilalamon ng baha.

"Bakla," bulong ni ex-Kapitan. "Makikita ng taga-Coloong ang hinahanap nila sa kapitang babakla-bakla."

Kaiba si Kapitan Timmy kompara sa tinalo niyang kapitan. Hindi mo mahuhulihan ng umaalsang baywang dahil sa baril. Miyembro siya ng Legion of Mary. Katekista dati sa Coloong Elementary School. Laging naka-sky blue

na polo shirt dahil hangad niya ang kapayapaan. Mahinahon si Kapitan Timmy. Kaya siya nanalo. Kaya siya minahal ng mga taga-Coloong. Kaya nagsawa at inayawan si Kapitan Berto.

Si Kapitan Berto ang hindi si Kapitan Timmy. Epitome ng kontrabida sa pelikulang Filipino noong dekada '80, barumbado at laging armado si Kapitan Berto. Bertong Boga at Ka Trebor siya noong kagawad pa lamang. Bertong Armado at Kapitan Trebor noong kapitan at de-primerang alalay ni meyor. Okey na sana kung hindi nababalitaang nalalasing ang barumbadong kapitan. Ang kaso, goma yata ang atay ni Kapitan Berto. Sa Empoy nanghihiram ng tapang. Araw-araw kung magmamam ng Emperador, ang inumin daw ng isang tunay na Trebor. At kapag nakakalaklak, lahat ng taga-Coloong, kakampi man niya o kalaban sa politika, gustong subukan sa duwelo. Ang islogan ni Kapitan Berto noong nangangampanya: "Kay Kapitan Berto, Coloong Disiplinado!"

Hindi nakaiwas sa pananakot si Kapitan Timmy. Noong kampanya, lalo na kung inuman, laging nagmomonologo si ex-Kapitan Trebor sa mga kainuman.

"Iharap n'yo sa akin ang baklang 'yan at gagawin kong lalaki," hiyaw ng ex-kapitan. Ilililis ang ladlaran ng kamisetang pula para sumungaw ang tatangnan ng 9mm.

"Baka nga sa kagat ng aso hindi kayo maipagtanggol n'yan e," tatayo sa gitna ng umpukan si ex-Kapitan Trebor, akala mo'y nangangaral. Bitbit ang tagayan ng Empoy.

"Kung gusto n'yong dumami ang adik, bakla, at adik na bakla dito sa Coloong, si kapitana ang iboto n'yo," gagayahin ang mabining paglakad ni Kapitan Timmy. "Hmmmm halam ko pong gustoh ninyoh ng barangay na mapayapah at matiwasay hmmm," gagayahin ang mahinahon at malambing na pananalita ni Kapitan Timmy habang naglalakad, habang kunwari'y nangangamay sa tao, habang kunwari'y umaakbay sa mga kinakampanya. Didiinan at hahaplusin ng dating kapitan ang balikat ng kunwari'y kinakamayang lalaki. Kukurutin ang braso nang magaan na magaan. Itatalikod ang mukha, kakagatin ang labi, pipikit nang mariin, magbu-beautiful eyes. Sasabayan ng tawa ni ex-Kapitan Trebor, tawang Romy Diaz, umaalog ang katawan katatawa. Tatawa din ang mga kainuman. Lalo na ang mga alalay ni Romy Diaz.

"Kapitang binabae, ha ha! Nananantsing sa kampanya."

"Galit sa maton ang mga taga-Coloong," katwiran naman ni Kapitan Timmy sa mga nagtatanong kung bakit siya nanalo. Laging naghahamon ng

away ang dating kapitan. Laging ipinagmamalaki ang koneksiyon niya kay meyor. Laging may nakabukol na baril. Naging kingpin. Naging warlord. Tahimik ang Coloong. Ayaw ng Coloong sa gulo. Kaya siya nanalo. Nang tanungin si Kapitan Timmy kung hindi daw ba siya natatakot kung hindi matatanggap ni Trebor ang pagkatalo: "Bakit naman ako matatakot, kakampi ko ang nasa 'taas."

"Kapitana Congrats! Sa unang araw mo sa puwesto may regalo 'ko sa 'yo!" sigaw ni ex-Kapitan Trebor na may hawak na basong may lamang Empoy kay Kapitan Timmy ilang araw matapos ang eleksiyon habang ngumangata ng makunat na tapa.

Kumalat sa buong Coloong na maghihiganti sa pagkatalo ang dating kapitan. Baka pumatay na ng tao at magkatotoo ang tsismis na marami nang itinumbang kaaway si ex-Kapitan Trebor. Bala daw ang ireregalo kay Kapitan Timmy. O kaya ay itim na laso. O maliit na kabaong. O bulaklak ng patay gaya ng ipinapadala ni meyor sa mga lamay sa Valenzuela.

Lumipas ang dalawang linggong walang nangyaring patayan. Katunayan, higit pa ngang naging matiwasay ang Coloong sa kabila ng pagkababad nito sa matiwasay at kalmanteng baha. Maayos na nagpapaalam ang ex-kapitan sa mga nasasakupang pumupunta sa barangay hall para manghingi ng barangay clearance para makapagtrabaho, at magsampa ng reklamo sa kung sinong nangutang na hindi nagbayad at sa kung sinong nagtsismis ng kung ano, kung kanino, kung kailan.

Kabayo lang ang namatay. Nalunod marahil sa baha galing sa kung saang barangay at tinangay sa bunganga ng ilog sa Coloong, at hindi maanod sa mas malaking ilog ng Meycauayan dahil sa inutil na floodgate na kumapal at bumigat na sa lumot at kalawang.

Huling araw ng Hulyo nang masipat ng PAGASA na dadaan ang bagyong Koring sa Central Luzon. Mahina ang hangin ng bagyong Koring pero maraming dalang ulan. Signal number 2 ang Metro Manila. Dalawang araw nang walang puknat ang ulang nagsimula nang tikatik at bumuhos na nga sa unang araw ng panunungkulan ni Kapitan Timmy.

Pinulong ni Kapitan Timmy ang katatalaga lang niyang ayudante, si Tanod Ex-O Rodante na dating natsismis kay Kapitan Timmy (Akmang suntok ang isinasagot ni Kapitan Timmy sa tuwing tatanungin siya kung kainuman na naman niya sa Marilao at Monumento si Tanod Ex-O Rodante, ang pinakasikat at pinakamayamang welder sa Coloong.).

“Gago, (o gaga kung babae ang mambubuska) malisyoso kayo. Pamilyado ’yung tao ’no,” mahinahon at malambing na pambabara ni Kapitan Timmy.

Sa pulong, kasama ang bagong kasusumpa sa puwestong dalawampung barangay tanod, idinrowing ni Kapitan Timmy ang sitwasyon.

“Walang nanalo sa kagawad natin, lahat ng kagawad busy sa pamimigay ng relief goods ni meyor at ni Ka Trebor, tayo-tayo lang ang magtutulungan dito,” panimula ni Kapitan Timmy. Pinipilit maging mariin at malakas ang sinasabi dahil nasasapawan ng ingay ng ulan ni Koring sa labas ng barangay hall.

Idinrowing sa malapad na white board ang korte ng ilog, ang bunganga nitong pinagtayuan ng huklubang floodgate na kasintanda ng humukay ng ilog. Iginuhit ang puwesto ng mga puno, ang kurbada ng mga pilapil sa paligid. Iginuhit ang huling pormang nakita sa patay na kabayo: nakahigang nakabuka ang lahat ng paa. Lutang ang nakabukol na tiyan. Labas ang dila ng malaking kabayong chestnut brown.

Iginuhit ang mga dadaanang pilapil ayon sa mapa ng Coloong na nakadikit sa tabi ng white board. Step by step na hakbang kung paano iaahon ang kabayo sa ilog ng Meycauayan at kung paano ipatatangay. Nakasulat sa white board kung anong oras ang paghupa ng baha. Nakasulat din ang mga pangalan ng tanod at kung saan sila nakapuwesto sa pag-aahon ng kabayo. Lahat de-numero.

Naputol ang pagsasalita ni Kapitan Timmy. Humahangos ang isa pang tanod.

“K-k-kap, tumataas ang bahah. ’Yung k-kabayo Kap, ambantot na, ganun pa rin pop-p-porma,” hingal na hingal na sinambit ng basang-basang tanod.

Mas maganda, sabi ni Kapitan Timmy. Madaling maiaangat ang bangkay at maihuhulog sa ilog ng Meycauayan. Matatapos bago mag-alas sais ng gabi ang Oplan: Tambog-kabayo.

Balik sa drowing. Labing-anim ang hahatak pataas sa kabayo at maghuhulog sa ilog ng Meycauayan. Lima ang tanod na lulusong sa halos limang metrong lapad ng ilog para itali ng makakapal na lubid ang mga paa at ulo ng kabayo. Isang tao, isang lubid ang hahatakin pataas. Markado ang lahat ng pupuwestuhan ng tao. Parang krokis sa basketbol sa huling segundo ng isang kritikal na laban. May limang tanod na mangunguna. Tatagain ang lahat ng siit at sanga ng bakawang nakahalang sa daraanan ng grupo.

“Let’s go!” sigaw ni Kapitan Timmy. Bago umalis, ipinamigay ang mga bago’t puting puting good morning towel na inispreyan ng Axe. Wala nang kapo-kapote, hubad-baro ang ibang tanod, naka-body fit at dri-fit na

kamisetang Nike at nakatokong na shorts si Tanod Ex-O Rodante. Lapat na lapat sa pagkakabasa ang sky blue na polo shirt, naka-cycling shorts, at pangharabas sa bahang sandalyas si Kapitan Timmy.

Sa Coloong Elementary School na gagawing evacuation center, nagsisimula nang dumagsa ang tao, naglalakad, nakabangka, nakabalsang gawa sa pinagtali-taling drum. Naroon ang isang six by six ng city hall. Puno ng relief goods ni meyor. Sa gate ng eskuwelahan, nakabantay si ex-Kapitan Trebor. Nakakapote, naninigarilyo, sumisingaw ang amoy ng Empoy. Dumaan sa harap ng eskuwelahan ang tropa ni Kapitan Timmy.

"Good luck, Kapitana," pahabol pa ng ex-kapitan sa tropa ni Kapitan Timmy.

Lalong lumakas ang dalang ulan ni Koring. Pinapasok pa lamang ng tropa ang loobang dadaanan papunta sa pilapil ng ilog, nagsimula nang sumuot sa ilong ang lansa. Nagsasagitsitan na ang langaw. Isa-isang nagtali sa ilong ng good morning towel na may Axe ang mga tanod, si Tanod Ex-O Rodante, at Kapitan Timmy.

"Heto na ang giyera," usal ni Kapitan Timmy sa sarili.

Naglalagitikan ang mga sangang tinataga. Malabo ang daraanan dahil sa ulan at sa mga nagdo-dogfight na bangaw. Makapal ang damo kaya hindi na makita ang pilapil na nilalakaran.

Narating ng tropa ang dulo ng pilapil. Sumisingasing ang ulan at bangaw.

Mabantot.

Nakadila sa kanila ang kabayong naka-side view. Dilat na dilat. Umuugoy-ugoy sa pagkakalutang. Iniikutan ng mga langaw at bangaw ang ulo ng kabayo. Nakataas ang dalawang paang mapagkakamalang kawayang lulutang-lutang sa ilog. Nagsubo ng tigdadalawang kending Halls na puti ang mga tanod. Halos maubos ang sansupot na dala ni Kapitan Timmy.

Napahinto nang akmang lulusong na ang unang tanod na magtatali sa paa ng kabayo. Akala mo namaligno. Estatwang-estatwa. Umatras, nakasampay pa rin ang mga lubid sa balikat.

Putlang-putla. Tumakbo palayo. Nadapa. Nawala sa balikat ang lubid. Wala na ring good morning towel sa ilong. Tumayo sa pagkakadapa. Hindi pala. Yumuko lang. Sumuka. Isinuka pati ang kending Halls. Tumingala. Ipinansahod sa ulan ni Koring ang mukha. Ibinuka ang bibig na may sala-salabit na ulam at kanin. Sumambulat ang adobong kangkong at Lucky Me

Pancit Canton na tanghalian ng tanod. Yuko uli. Suka. Tingala. Hinugasan sa malakas na ulan ni Koring ang mukha at bibig at ilong na may nakasabit na usbong ng kangkong at mahabang noodle ng Lucky Me Pancit Canton. Napansin ng mga langaw ang pagkaing lumabas sa bunganga ng tanod. Pinutakti ng mga langaw ang mukha.

"H-hindi ko kaya, Bo-boss, ambaho," pauntol-untol na sigaw ng tanod kay Tanod Ex-O Rodante sa pagitan ng paglalabas ng kanin at ulam, at paghigit ng hanging may langaw.

Hindi na pinalapit sa floodgate ang kulay hugas-bigas na tanod na assistant welder pala ni Tanod Ex-O Rodante.

"Mahina ang tiyan!" sigaw ni Tanod Ex-O Rodante habang iminumuwestra ang tiyan kay Kapitan Timmy.

Ngumiti si Kapitan Timmy pero hindi na ito nakita ni Tanod Ex-O Rodante dahil humahaginit si Koring. Nanlalabo ang buong paligid dahil sa ulan ni Koring.

"Ngo, moys! (Translation: Go, boys!)" palahaw ni Kapitan Timmy na akala mo'y ngongo, dahil sa tumatakip sa ilong nitong good morning towel na babad na babad sa Axe at ulan ni Koring.

Pagkasabi ng "Ngo, moys!," nagsimula nang umakyat sa floodgate ang mga nalalabing tanod kasama si Kapitan Timmy. Siya ang manager sa itaas ng floodgate. Si Tanod Ex-O Rodante ang manager ng kanina'y limang lubid-boys sa ibaba. Si Tanod Ex-O Rodante ang rumilyebo sa assistant welder nitong nagtatanggal ng sumalalak na kangkong sa lalamunan pagkatapos isuka ang lahat ng tanghalian.

Naitali ang dalawang paang nakalutang. Naitali ni Tanod Ex-O Rodante ang ulo ng chestnut brown na kabayo. Naihagis ang lubid sa hatak-boys sa itaas ng floodgate.

Sinisid na ng tanod ang nakalubog na paa ng kabayong naka-side view. Nagmamando lang si Tanod ex-O Rodante.

Umahon agad ang sumisid. Nilangaw ang ulo.

"Naitali mo?" tanong ni Tanod ex-O Rodante. Nakamasid ang mga hatak-boys sa itaas. Naghihintay ng go-signal kay Tanod ex-O Rodante kung puwede nang hatakin pataas ang kabayong chestnut brown. Inaaninag sa ulan ang pag-thumbs-up ng hepe ng sandatahang lakas ng barangay.

Habol ang hiningang tumango ang tanod. Umahon sa ilog. Kinuha ang good morning towel na nakasampay sa bakawan. Ipinampunas sa nagmamantika niyang mukha. Hindi na maamoy ang Axe na kanina pa sumama sa ulan ni Koring.

Nag-ipon ng hangin ang tanod na maninisid. Lumusong uli. Tumingala. Kumuha uli ng hangin pero ulan ni Koring at langaw ang nasambot. Inubo muna. Nang maibuga ang langaw, kumuha uli ng hangin. Nakayuko namang humigop ng hangin. Ayos.

Sisid uli.

"Okey na?" tanong uli ni Tanod ex-O Rodante. Hindi tumitingin ang tanod. Nakayuko lang sa nagmamantikang tubig. Naghahabol ng hininga. Humuhugot ng mabantot na hangin. Parang may putong na koronang langaw sa ulo ang tanod. Kumakatas na ang sebo ng chestnut brown na kabayo ng kung sinong demonyo. Hindi matunaw ng ulan ni Koring ang naglilinab at masangsang na mantika sa ilog.

"Okey na ba?" ulit ni Tanod ex-O Rodante. Naka-thumbs-up pa para kung sakaling hindi madinig ang tanong. Hinahanap ang mata ng maninisid.

Umiling ang maninisid. Nagliparan ang mga nakadapong langaw sa ulo.

"H-anlalim Boss," sigaw ng naghahabol sa hiningang tanod.

"Subukan mo ule!" hiyaw ni Tanod ex-O Rodante. Nakaturo pataas ang hintuturo.

Nawala ang tanod sa nagmamantikang tubig. Umahon ang ulo ng tanod. Mas mabilis kaysa kaninang pagsisid. Pinagkaguluhan uli ng langaw ang lumutang na ulo ng tanod. Umiling uli. Dumura-dura bago dumipa sa tubig. Bikaka ang paa ng kabayong chestnut brown, senyas ng maninisid. Nakadipang patagilid ang senyas. Malalim ang hiklat ng paa ng kabayo sa ilog. Umiling-iling. Dumura-dura. Sinisinga-singa ang tubig sa ilong.

"'Indi talaga kaya, Boss." Dumura-durang sabi ng tanod. Sabay kulog at kidlat ni Koring. Napatigil ang lahat. Parang kinuhanan ng retrato. Langaw lang ang gumagalaw.

Ipinatali na lang ni Tanod Ex-O Rodante sa dalawang paang nakalutang ang lubid na hindi naibuhol sa paang nakalubog. Nag-thumbs up si Tanod ex-O Rodante kay Kapitan Timmy sa itaas ng floodgate. Puwede nang hatakin kahit hindi nakatali ang isang paa. Nagkilusan ang mga hatak-boys. Humanda na sa paghatak. Nakamatyag si Kapitan Timmy.

Dahan-dahan muna ang hatak hanggang lumapit ang chestnut brown na kabayo sa kinakalawang na pintong bakal ng floodgate. Mga sampung piye ang taas ng aahunin ng bangkay.

Pumorma.

"Pagbilang ko!" sigaw ni Kapitan Timmy sa hatak-boys.

"One, two, three, hatak! One, two, three, hatak!"

Umangat ang ulo ng chestnut brown na kabayo. Matigas pati dila. Dilat na dilat. Nagsalimbayan ang paglipad ng langaw sa ulo ng kabayo. Sumingaw ang amoy nang lumabas ang bibig na binabalungan ng naninilaw na tubig. Nalukot ang mukha ng lahat ng tanod sa baho ng hininga ng dilat na kabayo. Bumaba nang bahagya ang lumitaw na ulo ng kabayo, humalik uli sa ilog. Nangawit ang mga hatak-boys. Hindi man lang napaangat sa paghatak ang nakalubog na namamagang katawan.

"Walang bibitiw, putangina!" nagulat si Kapitan Timmy sa nasambit. Siya na dating katekista at Legion of Mary, nagmura nang ubod ng lutong sa unang araw ng pagiging kapitan niya. Kinagat niya ang kending Halls na kanina pa nasa pisngi. Dinurog sa nguya.

"One, two, three, hatak! One, two, three, hatak!" nakasumpal sa ilong ni Kapitan Timmy ang basang-basang good morning towel. Kumukumpas sa hatak-boys. Halos hindi na makita ang kumpas ng kapitan sa kapal ng ulan ni Koring.

Sa lakas at bilis ng hatak sa ulo, napilas ang leeg ng chestnut brown na kabayo. Hindi nakaya ang buong bigat ng namamagang katawan. Umalingasaw lalo. Ang napilas na leeg naman ang dinumog ng laksa-laksang bangaw. Inagasan ng malapot na mantikang puti, dilaw, at pula ang napilas na leeg. Sumama sa ilog ang katas. Muntik nang mahulog sa floodgate ang mga humahatak sa ulo. Bumitaw sa hatak ang isang tanod. Nasundan ng isa pa. Bumigat ang hatak ng iba. Nakabitaw. Nagliparan ang lubid at langaw. Natangay ang isang matalinong tanod pababa dahil nakapulupot at nakabuhol sa braso niya ang lubid na hinahatak. Nasalo ng nakaumbok na tiyan ng kabayo ang nahulog na tanod. Tunog ng tambol ang pagbagsak ng tanod. Lumubog-lumutang ang tiyan ng kabayong may tanod sa ibabaw. Lumubog-lumutang ang salbabidang kabayo. Lalong sumingaw ang amoy. Parang nakawalang dambuhalang kabag. Napatalon sa ilog ang nahulog na tanod nang matauhang nakasubsob siya at lulutang-lutang sa nakaumbok na tiyan ng kabayong chestnut brown. Nag-dive na una ang puwet. Nagkakawag patungo sa pampang. Nang makaahon, yumuko. Sumuka nang sumuka habang kinakalag ang lubid sa braso. Sinundan ng laksa-laksang bangaw ang tanod. Giniling na bangus at tilapia ang laman ng sikmura ng tanod na nahulog. Isinuka pati kanin, pati yata pinong tinik ng buntot ng bangus. Kahit ilong ay nilabasan ng suka. Isinampay ang katawan sa pinakamalapit na punong bakawan. Inalalayan ng ibang tanod. Hinagod-hagod ang likod.

Nagkaroon ng konsiyerto ng pagsuka. Nabuhay ang unang nasuka. Sumuka uli kahit wala nang kanin, Lucky Me, at kangkong na ilalabas ang pigang-pigang sikmura. May sumuka uli. Ang tanod na maninisid. Tatlo. Naging apat. Lima ang sumusuka nang sabay-sabay. Nakisama naman si Koring, nagbuhos pa ng makapal na ulan para ipanghalamos sa mga nagsusuka.

Napailing si Kapitan Timmy kay Tanod Ex-O Rodante. Napailing din si Tanod Ex-O Rodante.

"Siyet," bulong ni Tanod Ex-O Rodante sa sarili, "kung hindi lang dahil sa mga ipapagawa ni Kapitan Timmy—gate at bakod ng Coloong Elementary School, gate at bakod ng barangay hall, pagkumpuni sa sirang covered court, gate at bakod ng kahit anong pupuwedeng i-welding—sa bulsyet na barangay na 'to." Kung hindi dahil dito at sa suweldong tatlong libo bilang tanod ex-o. Bulsyet, hinding-hindi niya ito gagawin.

"Balik tayo," sambit ni Kapitan Timmy.

Mistulang galing sa isang walang-panalong giyera sa Iwo Jima ang tropang hinahatak ang sarili sa tubig-bahang hanggang pige. Sugatan. Malalata. Binabayo ng ulan ni Koring. Nakasampay sa mga balikat ng kasamahan ang limang tanod na naubos ang laman ng sikmura kasusuka. Nagmamantika ang katawan ng maninisid. Tinatanuran ng bangaw na nagmula pa sa ilog. Pakiramdam ng iba, kasama nila ang kabayo dahil tangay ng maninisid at ng nahulog na tanod ang lahat ng halimuyak ng chestnut brown na kabayo. Nagtatakip ng ilong ang lahat ng madaanang may ilong at nakakaamoy. Hindi kinaya ng anghang ng sandakot na kending Halls na puti ang sangsang ng nakadila at bondat na kabayo.

Naligo ang tropa ng bari-bariles na tubig-ulan na may Surf. May nakaisip ng Joy na pantanggal sa sebo ng plato at kawali. Nagpabili si Kapitan Timmy ng dalawang dosenang Joy Antibac at Joy Lemon. At dose-dosenang shampoo, conditioner, at sabong pampaligo. Nag-amoy Joy at namamagang kabayong chestnut brown ang madilim na covered court at barangay hall.

"Kay Tandang Isko ang kabayo," bulong ni ex-Kapitan Trebor kay Kapitan Timmy. Matanda na raw ang malaking kabayo ni Tandang Isko na taga-Barangay Mabolo. Maaari daw nalunod at hindi na ipinalibing ng matanda dahil baha. Maaaring ipinatangay na lang sa ilog dahil akala'y dire-diretso ang ilog patungo sa mas malaking ilog ng Meycauayan palabas sa

dagat. Nakalimutan yata ng matandang may sirang floodgate sa bunganga ng ilog ng Coloong.

Hindi nagalaw ang naninilaw sa lapot na arroz caldong ipinahanda ni Kapitan para sa mga tanod at kagawad. Naubos naman ang sanlatang Fita. Naubos ang dalawang supot ng Nescafe 3 in 1. Tinira ng mga natitirang malakas na tanod ang softdrinks kahit hindi malamig. Aandap-andap ang rechargeable lamp sa mahabang mesa sa barangay hall na amoy Joy Antibac at kabayong chestnut brown. Kinabukasan pa daw magkakaroon ng koryente, sabi ng city hall nang radyuhan ni ex-Kapitan Trebor.

Nagdala sa barangay hall ng kilo-kilong tilapia at bangus si ex-Kapitan Trebor na gusto raw makatulong sa problema ng kabayo. Galing ang mga isda sa palaisdaan ni meyor sa Coloong na tinatauhan ni ex-Kapitan Trebor. Pinarte sa tanod ang mga isda ni meyor na isda na rin ni ex-Kapitan Trebor na isda na rin ng mga tanod.

"Kung ako sa 'yo Kap, ito ang solusyon," pagyayabang ng dating kapitan. Inilabas sa jacket ang isang granada, ipinatong sa mesa. Naglayuan sa mesang may granada ang mga nakapalibot na kagawad, si Tanod Ex-O Rodante, lalo na ang namuting si Kapitan Timmy na binayo ng kaba. Napasigaw ng matinis na "Eeeeeii!" si Kapitan Timmy. Nang mapansin niyang napatinis ang sigaw niya, sumigaw uli, mas matigas, pagalit—"Tangina naman o."

"May pin pa 'to, ha," dagdag ni ex-kapitan. Sumisingaw ang amoy ng Empoy sa bibig.

"Pasabugin ang kabayo, tanggal ang problema. Kung hindi kaya ng isa, heto pa," dinukot ang kabilang bulsa ng jacket. Inilabas ang isa pang granada. Kulang na lang ay maiwang mag-isa si ex-Kapitan Trebor sa loob ng barangay hall. Humagalpak. Tawang Paquito Diaz na nakabihag at nakapambugbog ng FPJ.

"Hindi makukuha sa palampa-lampa 'yang problemang 'yan," kinuha ang dalawang granada. Ibinalik sa jacket. Lumabas ng barangay hall si ex-Kapitan Trebor. Babalik daw sa kubo sa palaisdaan ni meyor na may generator na nasa bukana ng ilog ng Coloong. Sa dilim at kahit balot ng jacket, naaninag ni Kapitan Timmy ang sumusungaw na bondat na tiyan ni ex-Kapitan Trebor, nakaparagan sa pulang kamisetang may mukha ni meyor at logo ng city hall, nakasuksok ang 9mm na permanenteng residente na ng baywang ng dating kapitan. Naalala ni Kapitan Timmy ang nilalangaw at namamagang tiyan ng chestnut brown.

"Salamat sa regalo," usal ni Kapitan Timmy sa sarili.

Halos maubos ang tropa ni Kapitan Timmy kinabukasan. Hindi na raw sasama sa susunod na operasyon ang limang nagsuka dahil sumasakit daw ang tiyan at nilalagnat. Tatlo ang nagsabing magre-resign sa pagiging tanod. At ang dalawa, sasamahan muna daw ang pamilya hangga't hindi humuhupa ang baha.

Pinagpulungan ng mga natitirang tanod, ni Tanod Ex-O Rodante, ng mga kagawad, at ni Kapitan Timmy ang susunod na hakbang. Ang plano numero uno: kung hindi maiahon ang kabayo, palubugin. Talian at lagyan ng pabigat na adobe. Maraming-maraming adobe. Bagsak sa konseho at tanod. Paano daw dadalhin ang napakaraming adobe? Plano numeros dos: iahon sa pilapil na humahangga sa ilog ng Meycauayan ang kabayo. Bagsak sa lahat. Malambot na ang pilapil. Maaaring gumuho. Bababa lalo dahil mas mataas ang tubig sa Ilog Meycauayan. Baka anurin pabalik ang kabayo at sumalalak uli patungo sa ilog. Dadami at lalaki ang problema. Mahirap kumpunihin ang sirang pilapil kung mataas ang tubig.

Plano numero tres: wasakin ang floodgate na binahayan na ng kalawang. Pagkawasak, padaanin ang kabayo sa guwang. Gaya din ng argumento sa plano numero dos. Not worth the risk. Babaha lang lalo.

Plano numero kuwatro: biyak-biyakin ang kabayo. Hatakin pataas ang bawat inatadong parte at saka ihulog sa ilog ng Meycauayan. Bagsak uli sa tanod at konseho. Sino ang uupak para magkahiwa-hiwalay. Baka magkasakit ang mga lulusong. Plano numero singko: dahil nakatali na ang kabayo, hatakin sa iba't ibang direksiyon para magkahiwala-hiwalay. Bagsak sa konseho. Paano hahatakin? Paano kung hindi magkahiwa-hiwalay dahil maganit at may buto pa? Kung balat lang ang kabayo, madali. Puwede nang pagtiisan ang amoy para maatado.

Plano numero sais: hayaang mabulok. Bagsak sa konseho. Magkakasakit ang buong Coloong dahil sa amoy. Baka pagsimulan pa ng epidemya lalo't may mga evacuees sa barangay at malaki ang baha. Tatagas ang uod. Babaha ng uod. Plano numero siyete: hatakin pabalik kay Tandang Isko ang kaniyang kabayo. Bagsak sa konseho. Ipapaanod lamang uli ng matanda sa ilog ang nabubulok na kabayo.

Plano numero otso: ataduhin at gilingin ang bulok na kabayo sa pamamagitan ng granada. Bagsak kay Kapitan Timmy. Hangga't siya ang nasa posisyon, walang puwang ang dahas. At hindi garantiya ang granada sa isang namamagang kabayo. Kakalat lang ang inuuod na laman.

Humina na si Koring pero palaki pa rin ang baha dahil umuuho pa ang tubig galing sa kalbong bundok ng Rizal at Bulacan. At may balitang magpapakawala ng tubig ang Angat Dam.

Paghina ng ulan, nangibabaw ang alingasaw ng chestnut brown sa buong barangay. Walang nakatulog dahil sa alingasaw kahit ilang good morning towel at botelya ng Axe ang gamitin at ubusin.

Madaling-araw kinabukasan ng saludsurin ni Kapitan Timmy ang hanggang baywang na baha. Nagsama ng limang tanod. Isinama ang hepe ng tanod, si Rodante.

Humiram ng bangka si Kapitan Timmy sa isang kaibigan. Humingi ng ilang adobe sa isang hardware and construction supply sa barangay. Inakay ang bangkang karga ang mga adobe. Nagdala uli ng lubid si Kapitan. At ng maraming-maraming kending Halls na puti, good morning towel na binasa ng malapot na shampoo. Binaybay ang pilapil hanggang makarating sa flood gate na kinokolonya na ng lahat ng langaw ng buong Valenzuela at Bulacan. Nginitian sila ng kabayo. Nakadila pa rin pero puti na ang matang unti-unting natutungkab. Umaagas ang pula-puti-dilaw na langis sa biyak sa leeg at sa bunganga ng higit nang malaking kabayo. Higit nang namamagang kabayo.

Pinigil ni Kapitan Timmy na hindi iduwal palabas ang pandesal na may palamang coco jam, Fita, at kape na tinira niya bago lumakad. Nagsubo pa ng kending Halls. Halos mamuwalan sa kendi. Umiimpis-lumolobo-umiimpis naman ang pisngi ni Tanod Ex-O Rodante. Panay ang inom ng orange juice na nasa bote ng mineral water para hindi masuka. Balot na balot ang mukha ng limang tanod. Tatlong kamisetang naliligo sa shampoo ang nakabalot sa mukha puwera pa ang nakapaloob na mga good morning towel. Minamanyanita ng umuugong na langaw ang tropa. Paputok na ang araw nang dumating sila sa floodgate.

Itinali ang mga adobe sa dulo ng mga pinagputol-putol na lubid. Sama-samang ibinato sa kabila ng ilog, sa lagpas ng kabayong naka-side view. Eksakto ang bato ng una, sumabit ang lubid sa namamagang tiyan. Ayos din ang ikalawa. Hanggang sa ikalimang lubid. Sumasambulat ang kolonya ng bangaw sa tuwing ibabato ang lubid na may adobe. Hindi man lang lumubog kahit kaunti ang magang-magang kabayo. Hindi kayang palubugin ng mahigit sampung adobe. O kahit siguro tone-toneladang pang adobe.

Naubos uli ang Joy Antibac pagbalik ng bigong ekspedisyon ni Kapitan Timmy.

Dumadagsa na ang reklamo sa amoy ng kabayo. Marami raw batang inuubo at nasusuka sa evacuation center dahil sa amoy. May ilang nagtatae. Bahagyang umaraw kinahapunan. Lalong umalingasaw sa buong barangay ang kabayong chestnut brown na unti-unti nang nagiging puti. Inaagasan na ng uod na tinatangay na palapit sa barangay hall at sa evacuation center.

"Kabayo lang 'yan Kapitana," hindi maikakaila ng namamagang tiyan kung sino ang nagsabi kahit pa balot ang mukha nito at mata lang ang nakikita. Naningkit ang mata sa pagtawa ng may-ari ng boses. Hindi maikakaila ang tawang Paquito Diaz.

Nasa tindahang malapit sa barangay hall si ex-Kapitan Trebor. Hinubad ang tabing sa mukha. Tinagay ang Empoy sa baso. Kumurot ng tapa. Ngumiti ng isang nikotinadong ngiti bago itinago muli ang mukha. Nadinig ni Kapitan Timmy ang huling sinabi ng dating kapitan. "Babakla-bakla kasi e," pigil at manipis na tawa ang sumunod. Umaalog ang bondat na tiyan sa pagtawa, lumabas ang tatangnan ng 9mm. Nagtawanan din ang alalay ni Paquito Diaz. Dalawa rito ang kagawad ng barangay, ang mga kagawad na nagpanukalang gilingin ang chestnut brown sa pamamagitan ng granada ni ex-kapitan Trebor.

"Salamat uli sa regalo," usal ni Kapitan Timmy sa sarili bago siya lumabas ng barangay upang maghanap ng solusyon sa suliranin ng kaniyang nasasakupang malurido na sa ulan at baha. Umulan uli nang buhos. Dumating na ang bagyong Lupita. Mas maraming dalang ulan kaysa Koring. Panghugas sa Coloong na sinisimulan nang kolonyahin ng uod na produkto ng chestnut brown na kabayo.

Alas-onse ng gabi nang umalingawngaw ang pagsabog sa barangay galing sa direksiyon ng flood gate. Sinundan ng isa pang pagsabog pagkatapos ng halos wala pang isang minuto. Nalunod ang tunog ng pagsabog sa malakas na hangin at ulan na dala ni Lupita. May nagising sa paaralang elementaryang rumirilyebo bilang evacuation center. May nagising rin sa barangay hall. Napagkamalang kulog. Nang matiyak na kulog lamang ang narinig, bumalik uli sa mabahong pagkakahimbing ang buong barangay.

"Pinasabog nga ba ng dating kapitan ang patay na kabayo sa kasagsagan ng bagyong Lupita? O may foul play? Ano ang kinalaman ng naaagnas na kabayong pinipilit ngayong iahon ng pulisya para isama sa imbestigasyon kasama ang katawan ng dating kapitang binistay ng shrapnel?" garalgal, paputol-putol, malutong ang boses ni Gus sa harap ng camera habang

nakalusong sa hanggang tuhod na baha sa humahalimuyak na Coloong, habang binabayo ng ulan na buntot na lamang ni Lupita. Pabaon pa ni Gus bago magpatalastas: "Mga piraso ng katawan ng kabayo at katawan ng dating kapitang binurdahan ng shrapnel, magkasama ngayong iimbestigahan … abangan sa pagbabalik ng S.O.C.I. o Scene of the Crime Investigation."

Footage ng interview ni meyor sa loob ng opisina: "I believe there's a foul play. I believe this is political in nature. Political vendetta, or perhaps, to intimidate my good and efficient administration. We will leave no stones unturned. Napakabuti ni Kapitan Robert. Isinabay pa nila sa kalamidad. How barbaric. Napakalupit. Nakaririmarim. Napakawalang puso."

Hinawi ng napapayungang Kapitan Timmy ang buhok. Inayos ang gusot na polo shirt na sky blue, kulay na tanda ng kapayapaan. Bago rumolyo ang camera ng S.O.C.I. para sa panayam, tumingin at ngumiti muna si Kapitan Timmy kay Tanod Ex-O Rodante, ang matapat niyang ayudante.